



**PALABAS AT PALOOB:
TAMBALANG MUKHA NG PAGTULA**

VIRGILIO S. ALMARIO

Philippine Humanities Review

Volume 16 Number 1, 2014, pp. 69-91

ISSN-0031-7802

©2014 University of the Philippines

**PALABAS AT PALOOB:
TAMBALANG MUKHA NG PAGTULA
[PALABAS AND PALOOB:
THE COMPOUND VISAGE OF POETRY]**

VIRGILIO S. ALMARIO
University of the Philippines
<virgilio.almario@up.edu.ph>

National Artist for Literature Virgilio S. Almario explains the literary concepts “palabas” and “paloob” first introduced in the 1980s as distinct characteristics of two leading poetic traditions in the country: Balagtasism and Modernism. Almario cites several examples across generations of poets and poetry in order to clarify the intertwined relation between the two.

Keywords: *palabas*, *paloob*, literary traditions, Balagtasism, Modernism

IBIG KONG BALIKAN ngayon ang isinagawâ kong pag-uuri sa paraan ng pagtula noong 1984 sa aklat na *Balagtasismo Versus Modernismo*. Upang ipaliwanag ang kaibhan ng Modernismo sa Balagtasismo ay sinabi kong isa itong pagtulang “paloob” samantalang ang Balagtasismo ay pinangingibabawan ng pagtulang “palabas.” Una kong nabanggit ang dalawa sa isang bahagi ng aking pag-aaral at

hábang ipinaliliwanag ang rebeldeng direksiyon ng Modernista sa ganitong paraan:

(M)as iniintindi ng mga Modernista ang iba't ibang panukalang pagbago sa pagtulang Balagtasista. Bumalikwas sila mulang tugma't sukat sa pamamagitan ng malayang taludturan. Tinalikuran nila ang paraang pabigkas sa pamamagitan ng higit na pag-unawa sa bagong kahingian ng limbag na tula. Ang resulta nito'y isang tulang *paloob* na dahil na rin sa naiibang interes at pribadong layunin ay nagdulot ng iba't ibang antas ng "kalabuan" para sa madlang namihasa sa lumang paksain at kasangkapang panretorika ng tulang *palabas*.

Sa larangang pangwika, pinangatawanan ng Modernismo ang paggamit ng "kontra-matulaing" lengguwahe sa akda. Hindi lamang ito nangahulugan ng pagkikiisa ng bokabularyong Ingles, lalo na nitong mauso ang Taglish, kundi ng pakikiramdam sa nagbabagong wika ng panahon. Ang kumbersasyonal na himig, na siyang naging pansagot sa tila laging pang-entablado o pampulpitong tono ng tulang Balagtasista, ay naging dahilan sa makatunayang diyologo at pagpasok ng kolokyalismo't salitang balbal na hanggang ngayo'y itinuturing na "masakit sa tainga" ng mga Balagtasista. (p. 15)

Sa pahayag kong ito'y higit na nakaukol ang aking pansin sa pagtulang paloob. Makiling din ang aking paliwanag sa paglinaw ng kabaguhang dulot ng Modernismo bílang pagtulang paloob. Bunga nito'y hindi sinasadyang naituturing na luma't nakaiwanan na ng panahon ang pagtulang palabas ng mga Balagtasista dahil

sa pagiging tradisyonal nito, gumagamit ng retorikang pabigkas at ng wikang “matulain”—sa pakahulugang napakapormal at may himig na nagtatalumpati o nagsesermon (pang-entablado o pampulpito). Hindi rin sinasadyang naipahihiwatig dito na may masidhing saloobin ang palabas na magpaunawa sa madla samantalang hindi gaanong interesado ang paloob na maintindihan ng mambabasa. Mababaw ang pag-uuri ko. Hindi ako naging masigasig umigpaw mula sa nakamihasnang pakahulugan ng “palabas” at sa karaniwang gamit ng “paloob.”

Noong 1992, nagkaroon ako ng pagkakataong ipaliwanag muli ang pagtulang palabas sa aking aklat na *Kung Sino ang Kumatha kina Bagongbanta, Ossorio, Herrera, Aquino de Belen, Balagtas, atbp.* Sa pagtalakay ko ng nangibabaw na tinig ng panawagan sa panahon ng kolonyalismong Espanyol ay ganito ang sinabi ko:

May malaki't natatanging pilas sa kasaysayan ng pagtula sa Filipinas ang **panawagan** o apostrophe. Una, ito ang lumilitaw na pinakapopular na anyo ng matulaing pahayag, pabigkas man o limbag, hanggang nitong makaraan ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ikalawa, naging pangunahing tatak ito ng **tulang palabas**—ang uri ng tula na may malakas na simbuyong magpaunawa at makipag-ugnay sa madla. Ikatlo, at dagdag kong panukala, bulaklak ito ng kaligirang feudal at kolonyal magmula sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol. (p. 87)

Sa sanaysay din tungkol sa panawagan ay muli kong inungkat ang katangian naman ng pagtulang paloob sa ganitong paraan:

Dito natin dapat idako ang sipat sa tinig ng **tulang paloob**—na may katangiang labis na

mapagpahiwatig at bumibimbin sa layuning magpaunawa sa madla. Sa kasalukuyang gamit nito ng mga makatang Modernista, may tinig itong masyadong maláy-sa-sarili kayâ't matimpi sa salitâ at matipid mangusap—mga katangiang nagpapahulaw sa dáting tahas at mataginting na tinig ng tula. Gumamit man ng panawagan, napipigil ng siste't pag-uusisa ang tinig túngo sa pagpapamalas ng tinatawag ng mga New Critics na “disiplina sa damdamin” at “sopistikasyon.” Nataátakot itong manlahat, kayâ mapaglinaw sa layon ng pahayag (ang sinasabing “patungkol sa isang tiyak na kausap”), at malimit makipag-usap sa sarili. (p. 102)

May mga bagay akong nais linawin, baguhin, at idagdag sa pagbabalik kong ito sa pagkakaiba sa isa't isa ng pagtulang palabas at pagtulang paloob.

Una, nais kong linawin ang hindi ko natukoy noong haka na ang pagtulang palabas at ang pagtulang paloob ay dalawa't kambal na malikhaing tunguhin sa pagbuo ng tula. Ikalawa, at mahigpit na kaugnay ng una, magkasabay itong sumupling at nilinang sa katutubo't sinaunang panulaan ng Filipinas. Sa gayon, at ikatlo, hindi wastong ituring na tradisyonal ang isa—ang palabas; at makabago ang ikalawa—ang paloob. Lumitaw na gayon ang aking paraan ng pagtingin sa dalawa bunga ng naganap na diin sa pagtulang palabas sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, na ipinagpatuloy ng mga Balagtasista sa unang bahagi ng ika-20 dantaon, at nasalungat lámang sa higit na pagsandig sa pagtulang paloob ng mga Modernista. Naging biktima ako ng aking nililinaw na pagtingin sa kasaysayan ng pambansang pampanitikan. Kaugnay ng mga paglilinaw na ito, nais kong ipanukala ngayon ang magkaagapay na pagsasaalang-alang sa mga katangian ng dalawa hábang

sinusundan ang development ng mga ito sa kasaysayan ng panitikan ng Filipinas.

Dalawang Binhing Butil ng Tula

Pinakaangkop na simula ng ganitong pagsipat ang dalawang binhing butil ng tula. Ang **salawikain** at ang **bugtong**. Paglingon sa katutubo't sinaunang panahon, ang bugtong at ang salawikain ang pinakamaikling anyo ng patulang pahayag dahil naisasakatuparan ang layunin sa dalawang taludtod na may tugma't sukat. Nása puso rin ng bugtong at salawikain ang kambal na adhika ng pagtulang paloob at pagtulang palabas.

Paloob ang bugtong at palabas ang salawikain.

Ngayon, dapat mahiwatigan na ang pagkakaiba ay hindi dahil mas madalí o mas mahirap maintindihan ang isa kaysa ikalawa. May bugtong na mahirap malurok, gaya rin naman ng pangyayaring may salawikaing hindi kaagad matatarok ang iniaaral. Sa kabilâng dako, may bugtong na magaang sagutin, gaya rin naman ng pangyayaring may salawikaing nauunawaan kahit ng isang musmos.

Bakit palabas ang salawikain at bakit paloob ang bugtong? Nása sining na ginagamit sa pagbuo ng salawikain na ibang-iba sa sining ng pagbuo sa bugtong. Sa maikling salitâ, gumagamit ang bugtong ng sining sa paglikha ng hiwaga mula sa alam na ng lahat; gumagamit ang salawikain ng sining sa paglagom ng isang katotohanan mula sa mga nalikom at sari-saring karanasang pambalana. Ginigising ng bugtong ang taká't gilalas; inuudyukan ng salawikain ang limi't muni. Sa dulo at alinsunod sa tungkuling bisà, kailangang iisa ang sagot sa bugtong upang maging katangitangi; kailangang marami't di-mabílang ang aplikasyon sa búhay ng salawikain upang maging kapani-paniwala.

Bilang halimbawa, narito ang isang matandang bugtong tungkol sa ating dila:

Isda ko sa Kilaw-Kilaw
Hindi mahuli't may pataw.

Narito naman ang isang salawikain tungkol sa halaga ng paggawa:

Ang lambat na nása bangka
Di manghuhuli ng isda.

Paloob ang bugtong dahil sa pangyayaring may saloobin itong magtuon ng pansin sa isang partikular na paksa, ang dila sa ating halimbawa, hanggang mapagtuunan pa ang isang kakaibang katangian nito, ang katangian ng dila na gagalaw-galaw sa loob at paligid ng bibig at waring nakikipaglaro sa humuhúling mga ngipin sa bawat pagbuká-pagtikom ng mga labi. Samantala, palabas ang salawikain sapagkat may tungkulin naman itong humanap at magsaliksik ng tumpak na karanasan upang mabigkas ang paksa, ang halaga ng paggawâ sa ating halimbawa, hanggang mapagwari na tulad ng lambat na hindi inihahagis sa dagat ay nasasáyang ang talino't lakas ng tao kapag hindi ginamit para sa isang nararapat na gawain. Ang birtud ng salawikaing ito ay masusubok kapag ginamit din sa pagluluto, paglalabá, pagmamaneho, pagsasáka, pagkeklerk, pagmamanedyer, atbpang trabaho bukod sa pangingisda.

Pagkatapos pumili ng paksa, magkatulad ang kasunod na hakbang ng pagtulang paloob at palabas. Ito ang pag-iisip ng **talinghaga**, na nangangahulugan ng paghahanap ng karampatang mapagbuong simulain ukol sa ibig sabihin, at malimit na kasangkot nito ang paghahanap ng hambingan at angkop na tayutay upang maipahiwatig ang ibig sabihin. Dito nagaganap ang tinatawag na **kislap-diwa** (*insight*), ang

pagpapahayag ng isang natuklasang bago o kakaiba. Sa halimbawang bugtong natin, ito ang paggamit sa katangian ng isda na kikislot-kislot at kikiwal-kiwal, na ipinahiwatig sa pagbanggit sa kathang bayan ng Kilaw-Kilaw, at ang pagdudulot ng balintuna kung bakit ang isdang ito ay may tali't pabigat (“may pataw”) ngunit hindi mabihag. Gayundin ang nagaganap sa kislap-diwang mula sa karanasan ng pangingsda sa ating salawikain—walang silbi ang kahit napakatibay at napakalapad na lambat kung hindi ito gagamitin ng mangingsda na marahil ay natutulog lámang sa kaniyang bangka sa laot. Nagiging halimbawa natin ang eksenang itinanghal ng salawikain bílang patnubay hindi lámang sa pangingsda kundi maging sa marami't iba pang misyon at trabaho sa ating búhay. Masikap kapuwa ang bugtong at ang salawikain sa pagkasangkapan ng talinghaga upang mapatingkad ang isang kakaiba o kakatwa sa bugtong at upang maipatanggap sa kaso ng salawikain ang isang hálagáhan na tatanggapin o paniniwalaan ng lahat sa target na madla.

Ang kapapaliwanag na proseso ng pagtula ay maaaring ilarawan pa sa ganitong paraan:

$$\begin{array}{r}
 \text{Paksa (tao, bagay, kaligiran)} \\
 + \\
 \text{Talinghaga (paraan ng pahayag, hambingan,} \\
 \text{tayutay)} \\
 = \\
 \text{Ang ibig sabihin}
 \end{array}$$

Upang maging malinaw pa, dagdagan natin ang mga halimbawang maikling anyo ng pagtula. Narito ang isang **diyona** na tíla salawikain:

Para ng isdang kapak
 Na ang labas ay pilak
 At ang loob ay burak.

Isang tahas na paghahambing ito ng tao sa isda. May tao diumano na tíla kapak (maliit na banak) na napakaganda kung tingnan ngunit napakapangit ang kalooban. Kahangahanga ang tugmang pantigan ng diyona gayundin ang tumbasang labas/loob na tinapatan ng balighong salungatan ng pilak/burak. Sa kabilâ ng tahasang paghahambing, mahihiwatigan pa rin na hindi tahasang tinukoy ang pinupunang masamâng ugali ng tao. Kung bagá sa isda lámang. At tulad ng ibang salawikain, maraming pangit na ugali ng tao na maipapares sa kapak: mayabang, sinungaling, mapagpanggap, ipokrita, ambisyoso, artipisyal, materyalistiko, mahilig sa pampaganda, atbp. Gayunman, pormal pa rin ang tinig nitong nangangaral. Hindi tulad ng masayáng himig ng sumusunod na **dalit**:

Isda akong gagasapsap
 Gagataliptip kalapad
 Kayâ nakikipagpusag
 Ang kalaguyo'y apahap.

Mapamuná rin ang dalit na ito. Ngunit bukod sa gumagamit ng hambingang kung bagá sa sapsap at apahap ay tigib ito sa layuning mapagpatawa. Idinaan ang puna sa parinig. Pininggan ang social climber ng nagsasalitâ ngunit sa paraang masiste, ang sarili ang inihahambing sa apahap na nakikiyabang sa piling ng mas malalaki't mámaháling apahap. Ang ganitong **diwang masayahin**, lalo na sa tulong ng balintuna't parikala, ang malimit ding disiplina sa pananalinghaga upang masawata ang lubhang didaktikong pahayag lalo na sa salawikain.

Sa kabilâng dako, isang huwarang pagkakataon ang pagsasanib ng bugtong at salawikain sa isang matulaing pahayag. Halimbawa, sa sumusunod na sinaunang **tanaga**:

Nang walang biring ginto
 Doon nagpapalalo;

Nang magkaginto-ginto
Noon na nga sumuko,

Sa isang bandá, isang bugtong ito hinggil sa palay, na tuwid na tuwid (“nagpapalalo”) kapag tumutubò pa lámang ngunit yumuyuko at humahapay (“sumuko”) kapag mabigat na ang hinog na mga butil sa uhay. Subalit isa rin itong salawikain. Nangangaral ito hinggil sa tunay na karunungan. Ang kabataan ay malimit na mapusok at mapagmalaki ng munting karunungan; ang matanda’t totoong hinog sa karanasan ay natututo ring magpakumbabâ. Anupa’t ang paloob at palabas ay mistulang tambalang mukha ng tungkuling edukasyonal ng pagtula. Ginagamit ang talinghaga upang magpalaganap ng karunungan-bayan. Binibigyan táyo ng bagong pagtingin sa mundo. O kayâ ginaganyak táyong makinabang sa nakaraan (sa kasaysayan).

Oryentasyong Kolonyal

Sa kasawiang palad, sinikil ng kolonyalismong Espanyol ang ganitong katutubong lunggati ng pagtula. Sapagkat tahasang ginamit ng mga misyonero ang panitikan para sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo, halos pinatay ng kolonyalismo sa loob ng 300 taon ang matulaing paglikha ng bago at pagtuklas ng kakaiba. Muling-hinubog naman ang maaaring kasangkapanin upang maglingkod sa pananakop. Sa ganito maipaliliwanag ang paglalaho ng maraming awiting-bayan na posibleng naglalamán ng mga anyo’t paksaing awtentikong Filipino ngunit “malaswa’t barbariko” o “dulot ng diyablo” sang-ayon sa tingin ng mga fraile. Naparam ang ngiti sa limbag na panitikan; nalimot ng bayan dahil hindi ginagamit ang salitâ nilang “parikala” para sa ironiya. Samantala, ang napakapopular na dalit ay nilagyan ng mensaheng relihiyoso at sa dulo’y naging anyo ng mga awit pansimbahan. Ang mga bugtong,

alamat, at pabula ay naging katuwang ng mga biblikong parabula sa paghahasik ng paggálang sa nakatataas, pagsunod sa batas at lalo na sa utos ng Simbahan, ospitalidad, kawanggawâ, pagpapakumbabâ at pagtitiis, at iba pang hálagáhang magpapanatili sa feudal at kolonyal na kaayusan.

Ito rin ang paliwanag kung paanong ang simulaing palabas sa salawikain ay nakagiliwang muling-hubugin ng mga misyonero para pagsidlan ng kanilang mga dasal, sermon, at meditatsyong Kristiyano. Sa panahong ito gumitaw bílang pinakaangkop na anyo ng pahayag ang **panawagan** o apostrophe. At nagkaroon ito ng tinig na may dalawang direksiyon. Ang tinig ng **patalastas** mula sa isang nakatataas at bukal na kapangyarihan at karunungan na nagtuturo sa target na nása ibabâ. Ang tinig ng **panambitan** na mula sa isang mababâ, hamak, at mangmang na humihingi ng tangkilik at awa sa target na nása itaas. Pangunahing halimbawa ng tinig ng patalastas ang panawagan sa **dasal**. Pangunahing ehemplo naman ng tinig ng panambitan ang panawagan sa **harana**. Kung minsan at isang mahabâ-habâng panawagang gaya ng **loa**, may bahaging nása tinig ng patalastas kapag ipinakilála sa madla ang marangal na pinagmulan ng panauhin at may bahaging nása tinig ng panambitan kapag isinasamò naman sa panauhin ang pagpapaumanhin sa anumang pagkukulang sa pagkain at ospitalidad ng kaniyang bayan.

Malinaw ang dalawang direksiyon ng tinig sa tulang introduksiyon, halimbawa, ni Felipe de Jesus sa salin ng *Barlaan at Josaphat* (1712) ni Fray Antonio de Borja. Sa unang 17 sagnong ay pinuri ni de Jesus ang “mapagmulat” at “dalubhasang” talino ni Fray de Borja. Panambitan pa ni de Jesus hinggil sa kadakilaan ng ginawâ ng padre:

At ang buo bagáng nasà
huwag magaril na lubha,

tumuwid ang pagwiwika't
mawatasang alipala.
Makilala't matalastas
maging araw kaliwanag,
nang para-parang mamulat
mata ng babasang lahat.

Sa pagal niyang totoo'y
walang ibang tinutungo
kundi ang táyo'y matuto
aral na di kuno-kuno.

Mahihiwatigan ang saloobing paloob sa panambitan,
lalo na sa saknong na ninais itanghal ang isang
“mapagmulat” na kawangis ng liwanag ng araw. Ngunit
pagkatapos ng gayong panambitan, ang ika-18 saknong ay
umpisa naman ng pangangaral sa mga “christianong
tagalog” na dapat sumunod sa aral ng aklat:

Aba Krist'yanong Tagalog
na bagong pisa sa itlog
tanggap nang magandang loob
itong panagano't handog.
Di ka man bagong binyagan
inakay ka rin kung turan
ang di ka pa ngani paham
magdili-dili't mag nilay.

Ibong mumunti sa pugad
sa inang inaalagad,
ay dili makalilipad
hanggang sa di magkapakpak.

Bagaman mahigit ka nang
sandaang taóng binyagan
ang lagay mo’y kung pagmasdan
sisiw ka pang kalogohan.

Mabuway ka pang mistula
biray mo’y gigila-gila,
tumuay ka ma’y di pa nga
bihasa sa pamamangka.

Isa sa orihinal na talinghagang palabas na nalikha sa panahon ng kolonyalismo ang naturang limang saknong ni de Jesus. Angkop na angkop ang paghahambing ng mga kapuwa Kristiyano’t Tagalog sa sisiw na hindi pa maaaring lumipad mag-isa at sa maliit na biray na nangangailangan ng bihasang bangkero upang itanim ang halaga ng paghanap ng wastong patnubay kapag nása gayong sitwasyon.

Sa kasawiang palad, hindi kasinghusay ni de Jesus sa pagtuklas ng talinghaga ang marami sa mga nalimbag na makata ng panawagan sa panahon ng kolonyalismo. Bukod sa naging lubhang sentimental at didaktiko, ang naging tinig ng panawagan ay kulang sa orihinal na paglilimi. Waring alingawngaw ito ng nagaganap sa loob ng simbahan: ang panambitan sa orasyon at rosaryo ng mga nakaluhod na deboto sa isang dako, at ang patalastas mula sa pulpito ng padreng nagmimisa. Inuulit lámang nito ang mensahe ng pananampalataya at ang mga de-kahong simbolo nito. At dahil sa kawalan ng awtentisidad ay kailangan ng ganitong panawagan ang tinig na **malakas** upang paniwalaan o maging kapani-paniwala. Isang tinig din itong malakas dahil kulang sa hinahon at pagtitimpi, halos isinisigaw ang damdamin, na waring angkop naman noon sa panahong walang mikropono ang sinumang nagsasalitâ sa plasa’t entablado. Nagkaroon man ng limbagan, taglay kahit ng

limbag na pagtula noon ang saloobin ng pagtulang pabigkas hanggang sa pagsiklab ng Himagsikang Filipino.

Sinalungat siyempre ng mga tulang Propagandista't Katipunero ang diwang mapanakop ng pagtula. Ang totoo, mula sa mapanghimagsik na gawain ni Balagtas ay mababanaag ang pagpapagitaw niya ng orihinal at masayang diwa. Ngunit higit na bumagsik ang diwang mapang-uyam sa pagtula nina Plaridel at Bonifacio, lalo na't kapag iginigiit nila ang katwiran at kalayaan laban sa mapambulag na pakana ng pagtulang kolonyalista. Gayunman, kahit nabaligtad ang kalatas ng nilalamán, patuloy na umiral ang didaktiko't sentimental na pagtulang palabas at hindi nagbago ang kalidad ng malakas na tinig ng panawagan.

Anak ng Himagsikang Filipino ang Balagtatismo sa bungad ng ika-20 siglo. Ipinagpatuloy ng mga Balagtasista ang mataos na pagmamahal sa bayan at kalayaan ngunit ipinagpatuloy din ang nakamihasnang himig ng pagtulang palabas. Totoo, sa ilalim ng pagbabantay ng mga bagong mananakop ay napamulaklak ng mga Balagtasista ang mga bago't makabuluhang diwain sa pagtula, gaya ng katarungan, pantay na mga karapatan ng mahirap at mayaman sa lipunan, pambansang pagkakaisa, demokrasya, edukasyon, sariling sikap, at iba pang hálagáhan para sa isang nagsasariling lipunan. Tumalim ding muli ang siste't parikala kapag tinutuligsa ang korupsiyon, bisyo, isip-sungyaw, at iba pang kaaway ng pambansang kalayaan, katarungan, pagkakaisa, at kaunlaran. Ngunit hindi sapat kahit ang pagpapairal ng masayang diwa upang maigpawan ng pagtula ang uri ng malakas na mga tinig ng panawagang ipinamána ng pagtulang kolonyalista.

Ang Muling Pagtuklas sa Birtud ng Paloob

Hindi naman masamá ang didaktiko o sentimental. Ngunit maaaring tumalam at nakasasawà ang paulit-ulit na panawagan sa kalayaan, katarungan, pag-asa, paglingap sa mga dukha. Makabuluhan man, lalo't paulit-ulit din ang paraan ng pahayag, ay nagiging masakít sa tainga. Tumindi ang problema nang mamatay si Jose Corazon de Jesus, ang tugatog ng pagtulang Balagtasista, at nagpaligsahan lámang ang mga sumunod na pangkatin ng makata sa paggaya't pag-uliran sa kaniya. Muling naging de-kahon ang pagtula. May katwirang maakit sa ibang aliwan, ang radyo't pelikula, ang nabagot na madla.

Sa panahong ito, noong 1932, kinondena ni Alejandro G. Abadilla ang malubhang sakít ng pagtulang Balagtasista sa paratang na:

Sa loob ng panahong ito'y walang paksa ang tula kundi pag-ibig, hapis at nakayukayok na kalungkutan, na tíla bagá ang daigdig ng mga makata ay napipinto na sa isang di-maiiwasang pagkagunaw. Kung minsan naman, sa sandaling umiba ng paksa'y wala namang gagawin kundi ang magsermon at magtalumpati, mga gawaing tiyak na di para sa kanila. (p. 11)

Ang pagkutya na kung hindi “nakayukayok [sa] kalungkutan” ay nais “magsermon at magtalumpati” ng mga makatang Balagtasista ang hudyat sa kilusang Modernista. Na wika ko nga sa unahan ay mistulang isang muling-pagtuklas sa birtud ng pagtulang paloob.

Ngunit dapat kong idiin ngayon: Hindi laban sa pagtulang palabas ang Modernismo. Nais lámang salungatin ni Abadilla ang itinuturing niyang masamâng bisyo ng

pagtula sa tinig ng panawagan—ang tinatawag niyang pagtula na “nakayukayok [sa] kalungkutan” at may hilig “magsermon at magtalumpati.” Ang uri ng panawagang lubhang sentimental at didaktiko na umiral sa panahon ng kolonyalismong Espanyol at hindi nasawata ng Balagtasismo. Nais din niyang tukuyin dito ang patuloy na paggamit ng mga Balagtasista sa tinig na malakas, na maaaring ituring na palatandaan ng pangyayaring bagaman nakalimbag ang kanilang tula ay naiiralan pa rin ang mga ito ng kanilang nakamihasnang pagtulang pabigkas. Ang totoo, sa panahon ng mga Balagtasista at sa pamamagitan ni Jose Corazon de Jesus ay narating ang tugatog ng pagtulang pabigkas, lalo na sa pamamagitan ng balagtasan, koronasyon, at mga palatuntunang pangmadla na nagtatampok sa mga mambibigkas.

Hindi rin pagtulang palabas lámang ang may himig na “nakayukayok [sa] kalungkutan” at may hilig “magsermon at magtalumpati.” Marami ding ganitong pagtulang paloob. Noon pang panahon ng kolonyalismo ay santambak na makata ang ulit-ulit na nanambitan hinggil sa bugtong ng kagandahang tíla napakalayong bituing marikit, perlas na nása pusod ng dagat, rosas na madalîng malanta, matampuhing ibon, at katulad. Alerdyik ang Modernismo sa mga makatang utak gaya-gaya— kayâ namutiktik noon, anila, ang gasgas at de-kahong pahayag. Ang bukambibig ng mga Modernista, kailangang tumuklas ng bago’t naiiba. Dahil dito, kailangan nila at napakahalaga ang kanilang pagtutuon sa pagtulang paloob. Kung higit na humilig ang mga Balagtasista sa pagtulang palabas ay higit namang makiling ang mga Modernista sa pagtulang paloob. Ang pagbabago ng hilig na ito ang sanhi ng nangibabaw ngunit mababaw na impresyon na pagtulang palabas lámang ang Balagtasismo at pagtulang paloob lámang ang Modernismo.

Sa yugtong ito lumabas ang problema na mahirap maintindihan ang makabagong tula. Pinagtalunan pa sa isang timpalak ang paggamit ng “pribadong pananagisag” at siya diumanong ugat ng “kalabuan” sa pagtula. Kung babalikan ang batayang pamamaraan sa paglikha ng bugtong ay hindi dapat ipagtaká ang pag-iral ng personal na pagtingin sa pagtulang paloob. Halos kahawig ito ng tinatawag sa Russian na *ostranenie* o despamilyarisasyon ni Victor Schlovsky. Sa pamamagitan ng bagong pagtingin ay nagiging banyaga o di-kilalá ang isang bagay na alam ng lahat. Nais ng mga Modernistang magdulot ng bagong bugtong. Ang problema, at ito ang reklamo ng mambabasáng nasanay sa gasgas at de-kahon, lubhang naging masigasig ang mga Modernista sa paglikha ng lubhang pribadong bugtong at hindi iilan sa mga ito ang halos silá lámang at ang Diyos ang nakaiintindi.

Sa ganitong pananaw, nais kong ipanukala na taal sa pagtulang paloob ang pagdudulot ng kalabuan. Ngunit depende sa kalabuan. (1) May kalabuan, tulad ng sinaunang bugtong, na bunga ng naiibang pasok sa karanasan o naiibang pagdamá sa daigdig. Ito ang puso ng paglikhang Imahenista. Nais maging payak na payak ng pahayag, parang retrato, walang borlology at pang-uri. (2) May kalabuang bunga ng lubhang pagtitipid sa salitâ, lubhang mapagpahiwatig na pahayag, at lubhang pagsandig sa napag-aralang karanasan. Kinokontra nito ang lubhang masalitâ at gasgas na pahayag, ngunit siya namang pinagmulan ng gawaing ermetiko at esoteriko sa pagsulat. Kundi lubhang tahimik at minimalista ay tigib naman sa mahirap saliksiking alusyong pampanitikan at pangkasaysayan. (3) May kalabuang bunga ng **sangang-diwa** (*ambiguity*) at naidudulot ng laro sa salitâ, gaya ng paggamit ng salitâng may tambalang kahulugan o pahayag na may pailalim at kasalungat na kahulugan. Kailangan dito

ang kadalubhasaan sa tayutay. (4) May kalabuang bunga ng pagbaligtad sa gasgas at pambalana, lalo na yaong pahayag na naghahandog ng katotohanang salungat sa nakamihasnang paniniwala. Mahalagang kasangkapan dito ang deskonstruksiyon.

Ang masamá ay ang kalabuan na bunga lámang ng malabòng pag-unawa sa karanasan o kamangmangan at ng pinalabòng pang-unawa (bunga ng paglalasing, kabaliwan, deliryo, pagbanat ng droga, atbpng katulad na kasangkapan). May kalabuang bunga ng napakapribadong karanasan, gaya ng seks, na mas mainam na ngang hindi natin naising maunawaan.

Magandang balikan dito ang tulang “Dilim, Mutyang Dilim” ni Alejandro G. Abadilla:

Ibig kong mawala
 Sa aking sariling daigdig ng dilim,
 Sa aking sariling may daloy ng buhay sa mga
 tulain:
 Sa kaakuhan kong
 Kulay ng hiwaga't lakas ng Bathala,

Nais kong mag-isa't ibig kong mawala.
 Ako'y ilipad mo,
 O, Mutya kong Dilim—sa ruok na yaong
 Hindi na maabot-tanaw ng liwanag ng mga
 panahon:
 Doon mo ilagak,
 Doon mo ihantong ang kapalaran ko—
 Sa sinapupunan ng kaluluwa mo.

At kung naroon na
 Akong nag-iisa sa aking sarili't
 Lumipad nang ibon ang ibang sa akin ay
 kumakandili...

Kaniniigin ko
 Sa saliw ng isang ligaw na sonata
 Yaong kalikasang maganda't hubad na.
 Ibig kong mawala
 Sa aking sariling daigdig ng dilim
 Upang maganap na lámang ang sa aking mga
 panalangin;
 Ibig kong humimlay
 Sa kariktang yaon ng laksang hiwaga
 Ay bigo rin ako't di ako mawala.

Mahirap bang intindihin? Pribadong karanasan? Oo.
 Oo. Ngunit may mga bintana para mapasok at maunawaan
 ang tula ni Abadilla. Isa itong panawagang paloob, at
 sapagkat tila personal ay maaaring magtuon ng paglurok
 sa kaniyang kausap na mutya. Bakit “Mutyang Dilim”?
 Dapat isaalang-alang dito ang pagkilála kay Abadilla bílang
 rebelde numero uno sa panitikan. Sa gayon, maaaring
 iugnay ang paggamit niya ng Dilim bílang Musa bílang isang
 ekspresyon ng kaniyang rebelyon sa umiiral na estetikang
 pampanitikan sa Filipinas. Halata na ba ang motibong
 mapang-uyam? Maaari ngayong balikan ang pangyayari na
 kinalaban ni Abadilla at mga Panitikero ang mga
 establisadong manunulat na naghahari sa mga babasahing
 komersiyal sa pangunguna ng *Lidayway*. Nakasandig sa
 simbolo ng “liwanag” ang pangalang *Lidayway*. Sa gayon,
 ang paghahanap sa Dilim ay isang gawaing kaugnay ng
 himagsik sa ipinalalagay niyang luma't kumbensiyonal na
 “liwanag” na idinudulot ng *Lidayway*. Narito pa. Maaari
 namang balikan sa kasaysayan ang naganap na
 pagpapasamba sa “Liwanag” na dulot ng Simbahan at
 kolonyalismong Espanyol. Tinawag noong “bayan ng
 bagyo't dilim” ang kapuluan ng mga pagano, mangmang,
 at di-sibilisado. Sa kabilang dako, pinairal ang simbolo ng
 Krus at Espada bílang tagapagligtas, ang tagapagdulot ng
 “Liwanag” ng sibilisasyong Europeo at pananampalatayang

Kristiyano. Sa panahon ng Himagsikang Filipino, ang simbolisasyong ito ang sinikap wasakin ni Emilio Jacinto sa kaniyang *Liwanag at Dilim*, lalo na sa paglilinaw na may “liwanag na nakasisilaw” at nagdudulot ng dilim sa kamulatan. Ang mapang-uyam na panawagan, sa gayon, ni Abadilla sa “Mutyang Dilim” ay maaaring basáhin bílang pag-alinsunod sa rebolusyonaryong interpretasyon ni Jacinto.

Mahirap bang basáhin ang mga bagong tula? Oo. Ngunit dahil hinahandugan táyo ng mga bagong makata natin ng mga naiibang persepsiyon kahit sa alam na alam na natin. Halimbawa, narito ang “Bintana” ni Fidel Rillo:

May mga sandaling ang paningin natin ay
hinahatak
Upang magsiyasat
Bumaba at umakyat
Sa kuwadrado o parihabang sukat
Ng mga durungawang nakapikit o nakadilat.
At mag-usisa sa sarili o ilarawan sa hinagap
Ang anumang tagpong hindi nakahantad
O misteryong nag-iingat-
Ingatang huwag mabilad.
Kuwadradong bugtong iyong naghahanap
Ng sagot na katapat.
Kaya't madalas na tayo'y nakamulagat,
Nag-iisip, ang diwa'y lumilipad,
At nagnanasang ang bintana'y mapasok at
magalugad.

Halimbawa'y ang malalaking bintanang ang
nakapahiyas
Ay matitibay at maadornong mga rehas.
Naiisip nating iyo'y mga ahas
Na nagtatanod sa gusi ng alahas.
Pagkat ang araw ay lumilipas
Ngunit bintana iyong hindi bumubukás.

Kaya't walang dumudungaw maliban sa
tumakas—

Sa siwang na amoy ng isang naaagnas.

Maliban sa pagak na pagaspas

Ng hangin sa pasamanong pagas

Ay wala nang ibang maririnig o maaaring
mawatas

Sa katahimikang gumagasgas

Sa kabila ng bintanang ang misteryo'y hindi
malutas.

Madalas ding ang paningi'y mapatuon

Sa bukás na bintana ng mga barong-barong.

Iyo'y kuwadrado ng patong-patong

Sa sawali, pawid, kahoy, o kaya'y yerong
itinapon.

Ngunit iyon ay hindi dekorasyon.

Pagkat walang rehas na magsisilbing proteksiyon,

Marahil ay wala ring maaaring samsamin doon.

Marahil iyon ay sinadya't itinaon

Upang ang hangin ay malayang magparito't
paroon

Katulad marahil ng hinagpis na kinuyom

Ng mga naroon

Na namimintana sa maghapon.

Inuusisa ang paligid at sa hangin ay nagtatanong

Kung bakit ang palad nila'y nagkagayon.

At may bintanang ang nakapaligid

Ay mararahas na rehas at alambreng may tinik.

Bintana iyong siya lamang maaaring masilip

Upang pagsawain ang paningin sa sandipang
langit.

Bintana iyong naging saksi sa pagmamalupit,

Ngunit búkas ng liwanag ng paglayang dapat
makamit.

Iba't iba ang larawang
 Maaaring matunghayan
 Sa kabila ng mga durungawan.
 Ngunit ang bintana ay may sariling salaysay na
 dapat pakinggan
 Ito man ay laging nakapinid o kaya'y binubuksan.
 Ito man ay malaya o nirerehasan.
 May bintanang nagiging payak na durungawan,
 At may bintanang nagiging piitan;
 May bintanang nagiging daluyan
 Ng malayang diwa at katotohanan;
 May bintanang nagkukubli ng kasinungalingan,
 At may bintanang binubuksan ng kalayaan,
 Katulad na katulad ng ating isipan.

Sino ang hindi nakakíta ng bintana? Sino ang hindi nakakíta ng mga uri ng bintana na inilarawan sa atin ni Rillo? Alam nating lahat ang mga bintanang binanggit niya. Ngunit ang hindi natin alam ay ang paraan ng pagtingin ni Rillo sa bawat bintanang inilarawan. Bawat halimbawa niyang bintana ay tíla isang bugtong, tinutuklasan niya ng sagisag ang bahagi't anyo, gaya ng rehas sa bahay ng mariwasa na mistulang mga bantay na ahas, makitid na bintana ng bilangguan na tulad ng sandipang langit (Alalahanin ang imaheng ito mula kay Amado V. Hernandez.), at laging nakabukás na bintana ng barong-barong hindi lámang upang lumusot-lusot ang hangin at sinag kundi upang malayang maglagos ang lungkot at taghoy ng dukha. Kayâ lalo táyong magugulat na ang nagaganap paláng hindi natin pagpansin sa mga bintana ay natutulad sa pagiging kontento natin sa ating nakamihasnang katotohanan. Ang wakas ng tula ni Rillo ay isang salawikain, isang pangangaral na buksan pa natin ang ating isip sa bago upang higit nating matamasa ang kalayaan. Kasabay nito'y pansinin din, **mahinà** ang tinig ng patalastas, mahinahon at malumanay, walang hibo ng pamimilit, waring dumating mula sa mabagal na paglilimi

sa mga bintana; hindi tulad ng malakas na tinig ng pangangaral noon ng mga kapanahong predikador ni de Jesus. Bilang Modernista, tinutupad din ni Rillo sa “Bintana” ang saloobing gumamit ng tinig na mahinà, isa pang katangiang ikabubukod ng pagtulang limbag sa tradisyonal na tinig na malakas ng pagtulang pabigkas.

Pagkaraan ng lahat, ibig kong tukuyin dito ang totoong silbi ng “matulain” sa ating búhay. Tulad ng agham, kung hindi pinatatalim ng tula ang ating pandamá ay pinalalawak nito ang ating pang-unawa.

Ang hirap sa atin, lagi táyong nagmamadalí o lagi nating nais ang madalí. Walang karunungan madalíng matuklasan. Gaya din naman ng karunungan naidudulot ng tula. Kapag madalí, tiyak na peke. Ginaya lámang ang alam na natin. Gasgas ang talinghaga’t de-kahon ang aral. Samantala, mag-ingat din sa tulang nagdudunong-dunungan. Pinalalabo ang pahayag, gumagamit ng mahahabàng pangungusap, likaw-likaw na bulaklak ng dila, malalalim na salitâ, ngunit upang itago ang taglay nitong kababawan. Uulitin ko, ang tunay na matulain ay yaong nagpapatalim sa ating pagdamá sa daigdig at nagpapalawak sa ating pag-unawa sa ating sarili’t panahon. Sa ganitong paraan lámang ay sulit na ang anumang hirap at panahong ginugol natin sa pagbása ng tula.